# Abide

# Ang Salita na Pagkain ng Ating Espiritu



## WARM-UP

- Ano ang paborito mong pagkain? Bakit ka nasisiyahang kainin ito?
- Ano ang isang pagkain na hindi mo magagawang kainin nang walang kanin o tinapay?
- Magkuwento tungkol sa nakaugalian mo nang gawin sa araw-araw at sa bahaging pinakanagbibigay sa iyo ng kasiyahan o ginhawa.

## WORD

*"Ako ang tinapay na mula sa langit. Hindi ito tulad ng 'manna' na kinain ng inyong mga ninuno, dahil namatay pa rin sila kahit kumain sila noon. Ngunit ang sinumang kumain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman."* **JUAN 6:58**

(Basahin din ang **JUAN 6:57–69.**)

Noong panahon ni Moises, nagbigay ang Diyos sa mga Israelita ng *manna*, o pagkaing mala-tinapay na mula sa langit. Ang pagkaing ito ang araw-araw na bumuhay sa kanila sa disyerto. Pinupulot nila ang *manna* at niluluto nila ito para maging tinapay (Mga Bilang 11:7–8). Maaari silang kumuha ng kahit gaano kadami sa umaga, ngunit hindi nila ito maaaring itabi hanggang sa susunod na araw dahil nabubulok at bumabaho ito. Ang lahat ay may sapat na mana para sa bawat araw. Ito ay isang pagsasalarawan ng tinapay na ibinibigay ni Jesus. Ang pagkaing kinakain natin ay mula sa lupa at panandalian lamang, ngunit ang ibinibigay na tinapay ni Jesus ay mula sa langit at panghabambuhay. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano tayo napapanatili ni Jesus sa kasalukuyan nating buhay at titingnan din natin ang paparating nating buhay.

## 1 Si Jesus ang tinapay ng buhay.

*"Ako ang tinapay na mula sa langit. Hindi ito tulad ng 'manna' na kinain ng inyong mga ninuno, dahil namatay pa rin sila kahit kumain sila noon. Ngunit ang sinumang kumain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman."* **JUAN 6:58**

Ang pisikal na pagkaing kinakain natin ay nagbibigay kalakasan sa ating katawan, at dahil dito, nawawala ang ating gutom. Bahagi ito ng likas na daloy ng buhay at mahalaga ito upang tayo ay mabuhay. Subalit tulad ng pagkain na mula sa mundo at panandalian lamang, ang katawan natin ay may hangganan din. Ang mabuting balita ay si Jesus Mismo ang tinapay ng buhay na *bumaba mula sa langit at nagbibigay-buhay sa mga tao sa mundo* (Juan 6:33). Siya ang tagapagbigay ng buhay na magpapanatili ng ating buhay hanggang sa walang hanggan at hindi panandalian lamang. Bagama't mahalaga para sa atin ang magkaroon ng pisikal na kalakasan, ang ating espirituwal na kalakasan ang pinakamahalaga. Inihahandog sa atin ni Jesus ang tinapay na higit pa sa *manna* na natanggap ng mga Israelita. Paano ka pinalakas ng salita ng Diyos at paano nito binago ang paraan mo ng pamumuhay?

## 2 Natatanggap natin ang tinapay ng buhay sa pamamagitan ng paniniwala kay Jesus.

*"Sapagkat kalooban ng aking Ama na ang lahat ng kumikilala at sumasampalataya sa Anak ay magkaroon ng buhay na walang hanggan, at bubuhayin ko silang muli sa huling araw."* **JUAN 6:40**

Ang pagtanggap ng tinapay ay pagtitiwala kay Jesus at sa Kanyang ginagawang pagtubos. Nangangahulugan din ito ng pagkakaroon ng ugnayan sa Kanya. Sa patuloy nating pagtanggap sa Kanyang salita na nagbibigay sa atin ng buhay, natututunan nating mas naisin ito at talikuran ang mga bagay na nakakasama sa ating mga espiritu. Ang kagustuhan ng

Ama ay makaranas ang sinumang naniniwala kay Jesus ng buhay na ganap at walang hanggan. Paano mo natutunang manampalataya kay Jesu-Cristo.

## 3 Araw-araw ay pinagpapasyahan nating tanggapin Siya.

*[67]Kaya tinanong ni Jesus ang 12 apostol, “Kayo ba, gusto rin ninyong umalis?” [68]Sumagot si Simon Pedro, “Panginoon, kanino pa po kami pupunta? Kayo lang ang may mensaheng nagbibigay ng buhay na walang hanggan. [69]Sumasampalataya kami sa inyo at alam naming kayo ang Banal na sugo ng Diyos.”* **JUAN 6:67–69**

Nang magsalita si Jesus tungkol sa pagiging tinapay ng buhay, maraming tao ang hindi tumanggap sa Kanyang salita. Dahil ito ay isang mahirap na katuruan, tinalikuran nila Siya. Subalit nagpasya ang mga disipulo na manatili dahil kilala nila si Jesus at personal ang naging ugnayan nila sa Kanya. Tulad nito, pinagpapasyahan nating tumanggap ng Kanyang salita at makaranas ng buhay na ibinibigay Niya. Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Diyos, pagbabasa ng Kanyang salita, at pakikibahagi ng buhay natin sa iba pang mananampalataya, lumalago tayo sa pananampalataya at nagkakaroon ng mas maigting na kagustuhang sumunod sa Kanya. Ano ang mga nakaugalian o nakasanayan mong gawin na nakakatulong sa iyo upang maranasan mo ang presensya ng Diyos araw-araw?

## APPLICATION

- Ano ang madalas mong inaasahan upang mabigyan mo ng kalakasan ang iyong sarili? Ano ang isang bagay na sisimulan mong ibahin simula ngayon upang sa halip ay makatanggap ka ng salita ng Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng pagsunod kay Jesus araw-araw? Sa palagay mo, paano ka tutugon kung nakarinig ka ng mahirap na katuruan mula kay Jesus at tinanong ka Niya kung gusto mo na rin bang umalis? Maglaan ng oras ngayong linggo upang pag-isipan ang naging tugon ni Pedro sa katanungan ni Jesus.
- Sinasadya mo bang maglaan ng oras upang makapiling ang Diyos araw-araw? Sa palagay mo, paano nito maaapektuhan ang iba pang bahagi ng buhay mo, kabilang na ang iyong ugnayan sa ibang tao?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil Siya ang tunay na tinapay ng buhay na bumubuhay sa ating espiritu. Pasalamatan Siya dahil maaari nating matanggap ang Kanyang salita araw-araw.
- Hingin sa Diyos na muling palakasin ang pagnanais mo na makatanggap ng Kanyang salita araw-araw. Hingin sa Kanya ang mas malalim na pagkaunawa ng Kanyang katangian at pamamaraan.
- Ipanalangin ang isang tao na nahihirapang mamuhay para kay Cristo. Hilingin sa Diyos na gawin kang daluyan ng Kanyang pagmamahal para sa taong ito at magawa mong ituro sa kanya ang daan pabalik kay Cristo.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph